

FICEC REPORT

Mga konsultasyon at pagpapayo ukol sa trabaho

Maraming komukunsulta sa FICEC, na aabot sa 600 taun-taon. Hindi din iilan ang may kahirapang mga kaso.

Q Ang pinapasukan kong kumpanya ay biglang nalugi. Ako ay walang sasahurin. Ano ang dapat kong gawin?

A1 Ang ari-ariang natira sa kumpanya ay ibinabayad bilang sahod ng mga empleyadong nasa prayoridad. Kung nalugi ang kumpanya, lahat ng empleyado ay dapat magkaisa at kaagad kumuha ng abugado na hahawak ng kanilang kaso. Habang pinapatagal ang kaso ay lalong mahihirapan sa pagkolekta ng mga hindi nabayaranang sahod.

A2 Ang “Advance payment system of unpaid wages” ay isang sistema ng paunang bayad ng gobyerno. Aplikable ito sa mga empleyadong kokolekta ng hindi nabayaranang sahod mula ¥20,000 o higit pa. Ito ay hindi aplikable sa mga naluging kumpanya na kabubukas pa lamang.

(1) Mga merito ng “advance payment of unpaid wages system”

- Kung ang kumpanya ninyo ay nalugi, matatanggap ang hanggang 80% ng hindi nabayaranang sahod (kasama na ang retirement allowance).
- Matatanggap ninyo ito kahit hindi kayo regular na empleyado, o kagaya ng part-timer
- Kahit mga banyaga ay maaaring tumanggap nito.
- Hindi kailangang mga empleyado mismo ang makikipagnegosasyon.

(2) Ang kahilingan ng hindi nabayaranang sahod ay dapat maisagawa sa loob ng 2 taon matapos malugi ang kumpanya.

(3) Ang maaaring hilingin ay ang buwanang sahod, allowance sa transportasyon, allowance sa tirahan, allowance sa overtime na trabaho, at allowance sa pagreretiro.

(4) Ang halaga na matatanggap ay depende sa inyong edad. Kung 35

Edad pagretiro	Maximum amount
45 years old o higit pa	¥3,700,000
30 to 44 years old	¥2,200,000
29 years old at pababa	¥1,100,000

ang edad sa pagretiro at ang hindi nabayaranang sahod ay ¥2,500,000, ang pinakamataas na matatanggap ay ¥2,200,000 ayon sa bracket na basehan ng nasabing patakaran. Kung kaya't sa

kasong ito ang kanyang matatanggap ay ¥1,760,000.

$$¥2,200,000 \times 80\% = ¥1,760,000$$

(5) Mga dokumentong patunay ng hindi nabayaranang sahod ay kakailanganin sa Labor Standards Inspection Office. Ihanda ang kopya ng mga sumusunod na dokumento, *natanggap na kopya ng pay-slip * Timecard * Attendance book * Kontrata ng trabaho * Patakaran ng kumpanya. Para sa iba pang detalye, kumunsulta sa Labor Standards Inspection Offices o sa Labor Health and Welfare Organization.

■ Ministry of Health, Labor and Welfare [Labor Standards Inspection Office]

<http://www.mhlw.go.jp/seisakunituite/bunnya/koyou-roudou/roudoukijun/location.html>

■ Labor Health and Welfare Organization, Pagpapayo para sa advance payment system

Tel: 044-556-9881 Bukas: Lunes hanggang Biyernes, 9:15 to 17:00

Q Paanong gagawin para makahanap ng trabaho ?



A Ang mga upisina ng Hello Work sa pamamahala ng Ministry of Labor, Health and Welfare ay nagbibigay ng mga serbisyo tulad ng impormasyon sa mga bakanteng trabaho, pagpapayo sa hanapbuhay, o sa pagbabalik-trabaho.

At maliban sa mga upisina ng Hello Work ay mayroon ding Furusato Hello Work sa mga munisipyo at istasyon ng tren. Maaaring humingi ng impormasyon ukol sa mga pagsasanay at iba pang mga pagsusuporta maliban sa paghanap ng trabaho.

Maaaring makahanap ng bakanteng posisyon gamit ang internet sa opisina. Mag-iingat lamang sa mga pekeng E-mails na kunwari galing sa Hello Work o public employment security office. Huwag magpapalalang sa mga salitang “Maari kayong kumita ng malaki”.

Matuto at makisaya sa mga ebento ng FICEC

◆ Computer classes

Nag-aanyaya simula ngayong pasukan ng mga nais matuto at masanay sa paggamit ng computer. Tuturuan kayo ng basics ng Word at Excel na magagamit sa pagtatrabaho. Ang ibang mag-aaral ay matagal ng patuloy na nag-aaral dahil nag e-enjoy sila sa klase at sa istilo ng pagtuturo ng teacher.

- **Bukas sa:** ika-2 at ika-4 na Huwebes, 13:00 ~ 14:30
- **Bayad:** ¥300 para sa banyaga
- Ang pagtuturo ay sa Nihongo
- Magdala ng sariling PC

Para sa detalye, kumontak o magsadya sa FICEC.
Tel: 049-256-4290



Gamit sa pang-araw-araw, sa kusina, mga damit at iba pa....

◆ Bargain sale sa FICEC

Lugar: Fujimino International Cultural Exchange Center (FICEC)

Petsa: 10:00 ~ 16:00 sa Mayo 14 (Sabado) at 15 (Linggo)



Pagtugtog ng koto sa Japanese language class, sa pagdiriwang ng Doll Festival (Hinamatsuri) noong Marso 2.

◆ Maranasang mamitas ng dahon ng tsa

Sama-sama tayong gumawa ng Japanese tea!

Sa Japanese language class ay mararanasang muli ang pagpunta sa taniman at pamimitas ng tsa pagkalipas ng tatlong taon.

Lugar: Maruyasuen, Fujimi-shi

Petsa: sa Mayo **Bayad:** ¥100

Tagpuan ay sa FICEC.

Para sa detalye, magtanong sa Japanese language class.

